



## Pag-uulat ng Mga Posibleng Isyu sa Pagsunod

---

Sa Alameda Alliance for Health (Alliance), narito kami para tulungan ka. Mahalagang mabasa at maunawaan mo ang impormasyon sa liham na ito.

### Ano ang posibleng isyu sa pagsunod?

Ang posibleng isyu sa pagsunod ay puwedeng kabilangan ng mga alalahanin sa mga sumusunod na usapin:

1. Pinaghihinalang panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso
  - *Halimbawa: Duplicate na pagsingil ng provider para sa mga serbisyo*
2. Mga paghahayag sa privacy ng pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan sa ilalim ng Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA) ng 1996
  - *Halimbawa: Mga liham ng pasyente na ipinapadala sa ibang tao*
3. Hindi pagsunod sa mga regulasyon at batas
  - *Halimbawa: Alalahanin sa pagsasagawa o etika ng isang proseso*

### Kailan ko dapat iulat ang isyu sa Alliance?

Dapat mong agarang iulat ang isyu sa Alliance sa oras na malaman mo ang tungkol dito. Inaatasan kaming siyasatin ang isyung ito at mag-ulat sa mga naaangkop na pampangasiwaang ahensya sa loob ng isang partikular na tagal ng panahon.

Ang mga isyu sa privacy sa ilalim ng HIPAA ay dapat iulat sa Alliance sa mismong araw kung kailan napag-alaman ang mga ito. Inaatasan kaming iulat ang mga isyung ito sa ahensya ng estado sa loob ng 24 na oras pagkatapos malaman ang tungkol sa mga ito.

### Paano ko iuulat ang isyu sa Alliance?

May ilang paraan para maiulat mo ang isyu sa Alliance:

- Sagutan ang Form sa Pag-uulat ng Insidente sa Pagsunod ng Alliance sa susunod na page, at i-email ito sa amin.
- Puwede ka ring mag-ulat sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline ng Departamento sa Pagsunod ng Alliance. Puwedeng piliin ng mga tumatawag na mag-ulat ng mga isyu sa anonymous na paraan. Matatawagan ang Hotline para sa Pagsunod ng Alliance nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo nang toll-free sa **1.844.587.0810**.

---

**Questions?** Please email the Alliance Compliance Department  
**[compliance@alamedaalliance.org](mailto:compliance@alamedaalliance.org)**  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**

## Form sa Pag-uulat ng Insidente sa Pagsunod

Ang form sa Pag-uulat ng Insidente sa Pagsunod ng Alameda Alliance for Health (Alliance) ay kumpidensyal at puwedeng gamitin sa pag-uulat ng anumang makikita o maririnig mong kahinalang insidente. (ibig sabihin, Mga paghahayag sa privacy ng impormasyong pangkalusugan sa ilalim ng HIPAA, panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso, at anumang isyu sa pagsunod.)

### MGA TAGUBILIN

1. Paki-print nang malinaw ang mga sagot mo, o mag-type sa mga field sa ibaba.
2. Dapat sagutan ang mga field na may (\*).
3. I-email ang nasagutan nang form at isama ang anumang nauugnay na dokumento sa Departamento sa Pagsunod ng Alliance sa [compliance@alamedaalliance.org](mailto:compliance@alamedaalliance.org).

<b>URI NG INSIDENTE*</b>	
<input type="checkbox"/> HIPAA/Privacy <input type="checkbox"/> Panloloko, Pag-aaksaya, at Pang-aabuso <input type="checkbox"/> Iba pa: _____	
<b>NAG-UULAT NA INDIBIDWAL – PANGKALAHATANG IMPORMASYON*</b>	
PANGALAN:	NUMERO NG TELEPONO:
POSISYON/PANGALAN NG KUMpanya:	
ANG NAG-ULAT SA IYO NG INSIDENTE ( <i>pumili ng isa</i> ):	
<input type="checkbox"/> Miyembro <input type="checkbox"/> Provider <input type="checkbox"/> Empleyado <input type="checkbox"/> Iba pa: _____	
<b>IMPORMASYON NG MIYEMBRO</b> ( <i>kung naaangkop; kung maraming miyembro, maglakip ng listahan</i> )	
APELYIDO:	
PANGALAN:	GITNANG INISYAL:
ID # NG MIYEMBRO NG ALLIANCE/CIN #:	PETSA NG KAPANGANAKAN ( <i>MM/DD/YYYY</i> ):
NUMERO NG TELEPONO:	
PANGALAN NG AWTORISADONG KINATAWAN ( <i>kung naaangkop</i> ):	
<b>IMPORMASYON NG PROVIDER</b> ( <i>kung naaangkop</i> )	
APELYIDO:	
PANGALAN:	NAUUGNAY NA HALAGA: \$
(MGA) NAUUGNAY NA NUMERO NG CLAIM:	PAMBANSANG PAGKAKAKILANLAN NG PROVIDER ( <i>NATIONAL PROVIDER IDENTIFIER, NPI</i> ):
<b>MGA DETALYE NG INSIDENTE*</b>	
(MGA) PETSA NG INSIDENTE:	
MGA SANGKOT:	
PINANGYARIHAN:	
PAGLALARAWAN SA INSIDENTE/IBA PANG MAHALAGANG IMPORMASYON: ( <i>Ilakip ang anumang nauugnay na dokumentasyon</i> )	